

Pagdalo



Ayon sa batas, ang lahat ng mga bata na kompulsaryo sa pag-aaral ng edad (karaniwang 5 hanggang 16) ay dapat makatanggap ng angkop na panahon sa edukasyon. Bilang isang magulang, mayroon kayong isang ligal na responsibilidad upang matiyak na ang inyong mga anak ay makakatanggap ng angkop na buong-panahon sa edukasyon. Kapag ang iyong anak ay nakarehistro sa isang paaralan, kayo ay may ligal na pananagutan sa pagtiyak na sila ay regular na pumapasok. Nangangahulugan ito na ang inyong anak ay hindi dapat magkaroon ng mga sesyon na hindi awtoridad sa pagliban. Maaari kang pagmultahin kung hindi niyo ito gagawin.

(INSET days) Araw ng pagsasanay sa eduksyon



Ang mga paaralan ay mayroong 5 araw na INSET o ensayo sa bawat akademikong taon. Sa isang INSET day o araw ng pag ensayo at pag pupulong ng mga guro para sa pang Edukasiyon,.Ang mga paaralan ay sarado at ang iyong anak ay walang pasok sa eskuwela.

Ang mga araw sa INSET o pag ensayo ay ginagamit para sa mga hangarin sa pagsasanay ng kawani at guro. Magtanong sa paaralan ng iyong anak upang malaman kung naiskedyul nila ang araw ng kanilang mga INSET o ensayo.

Libreng pagkain sa paaralan



Libreng Pagkain sa Paaralan para sa mga Bata na nasa Infants (4, 5, 6 edad). Lahat ng paaralan ng gobyerno ay may handog ng libreng pagkain sa paaralan sa bawat mag-aaral sa Taon-R, Taon-1 at Taon-2.

Libreng Pagkain sa Paaralan para sa mga Matatandang Bata na nasa Taong-3 Hanggang Taong-11, ay may Karapatan para sa libreng pagkain sa paaralan, kung kayo ay mayroong natatanggap na isa sa mga ebat ibang benepisyo.

Suriin niyo ang inyong karapatan at mag aplay ka sa internet para sa libreng pagkain paaralan para sa inyong anak, [dito](#) nyo makikita ang mga putahe sa ibat ibang lengguwahe. Kayo ay maaring humiling ng espesyal na karaniwang pagkain. Halimbawa Halal.

Transportasyon sa paaralan




Ay inyong anak kwalipikado sa libreng transportasyon galing sa inyong tahanan pabalik sa paaralan **kung**

- sila ay dumadalo sa malapit na dakip paaralan o malapit sa inyong tahanan **at**
- ang distansiya ay may higit na 2-milya para sa mga bata na may edad na 8 OR may higit na 3-milya para sa mga bata na may edad 8 hangang 16.

Kailangan nyong mag aplay para sa transportasyon kung ang inyong anak ay nakakatugon sa pamantayan.

Takdang-aralin



Ang takdang-aralin itatakda para sa mga karamihan sa mga bata. Maaari nyong malaman kung ano ang aasahan sa pamamagitan ng pag-susuri sa website ng paaralan ng inyong anak o sa pamamagitan ng pagtatanong sa guro ng inyong anak. Dapat kayong maglaan ng panahon para mag basa sa bahay kasama ng inyong anak araw araw, na ng sisimula kapag sila ay nasa Taon-R. Ang inyong anak ay mag dadala sa inyong tahanan ng libro pag babasa at isang tala ng pag babasa. Ibahagi ang aklat sa inyong anak, pag usapan ang tungkol sa mga larawan at tulungan ang inyong anak na ma basa ang mga sailta kung mayroong anu manga salita. Punan ang Tala ng Pagbasa kapag nabasa kasama ang inyong anak, para malaman ng guro na ginagawa niyo ito sa inyong tahanan. Maaari rin kayong padalhan sa inyong tahanan ng mga pangnqunahing salita upang magsanay kasama ang inyong anak.

Gabi ng pagpupulong ng mga magulang at Ulat ng paaralan



Aanyayahan kayong dumalo sa gabi ng pagpupulong ng mga magulang sa bawat termino. At importante na kayo ay dumalo. Karamihan sa mga paaralan ay nag-aalok ng mga puwang ng oras at maaari kayong pumili ng oras angkop sa inyo. Kung mayroon kayong anumang mga katanungan tungkol sa pag-aaral ng inyong anak, maaari kayong magtanong kapag nakilala niyo ang guro ng inyong anak.

Sa pagtatapos ng taon ng pag-aaral, dapat niyo ring asahan na makatanggap ng isang ulat tungkol sa pag-unlad ng inyong anak. Awtomatikong lilipat ang inyong anak sa susunod na Taon ng Grupo (Year Group) anuman ang kanilang pag-unlad - sa UK, ang mga bata ay hindi umuulit ng taon ng pag-aaral.

Bakasyon sa panahon ng termino sa edukasyon



Kung saan maari, ang lahat ng mga magulang tagapag-alaga ay inaasahang kumuha ng liban ng bakasyon para sa kanilang pamilya sa panahon ng bakasyon sa paaralan, upang hindi makagambala sa edukasyon ang kanilang mga anak.

Nakasaad sa batas sa edukasyon na ang mga magulang ay walang karapatang kunin ang kanilang anak sa paaralan para mag bakasyon sa panahon ng pag-aaral. Sa mga pambihirang pangyayari lamang ay maaaring magbigay ng pahintulot ang isang punong guro para maka-alis, ito ang desisyon ng punong guro kung ang pag-liban ay bihira at kung ilang araw upang ma-aprubahan.

Links



- [Pamamaraan sa pamamahala ng positibong pag-uugali](#) sa iba't ibang mga wika.
- [Imungkahi ang inyong anak](#) ng dalawang wika sa iba't ibang mga lenguahe.
- Impormasyon tungkol sa [Pagdalo sa Paaralan](#) at mga bakasyon sa oras ng termino.
- Impormasyon tungkol sa [Transportasyon patungo sa Paaralan](#).
- Mga petsa ng [Bakasyon sa Paaralan](#).
- Impormasyon tungkol sa Mga [Libreng Pagkain sa Paaralan](#).